

Si Balagtas sa mga Tula ng *Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928-1997* /

Balagtas in the Poems of Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928-1997

Cris R. Lanzaderas
University of the Philippines-Los Baños
crlanzaderas@up.edu.ph

Sinipat ng pagsusuri ang naging papel ng Dakilang Makatang Tagalog na si Francisco Balagtas sa ilang tulang isinulat ng mga magsasaka-makata na kabilang sa koleksiyon na “*Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928-1997*.” Sa pamamagitan ng tekstuwal na pagsusuri, tiningnan kung may mga katangiang natutulad sa mga pamantayan ng tradisyonal na tulang Tagalog na pinormalisa ni Balagtas sa kaniyang *Florante at Laura*. Maliban sa mga pamantayang estetikal na inilatag ni Bienvenido Lumbera sa kaniyang *Formalization of Tradition*, ginamit din ang iba pang pormalistikong lente sa pagsusuri ng tulang tradisyonal sa *Taludtod at Talinghaga* ni Virgilio Almario (1991). Dagdag pa rito, sinuri rin ang ilang mga tulang may direktang pagbanggit kay Balagtas at sa mga tauhan ng kaniyang awit upang tingnan kung paano nito sinasalamang ang naging ambag ng Dakilang Makata sa pagharaya ng mga magsasaka-makata sa ideal na lipunang Filipino.

Mga Susing Salita: Francisco Balagtas, *Florante at Laura*, panulaang Bulakenyo, panulaang rural, pormalismo, tradisyonal na tula

This paper aims to look on how the Great Tagalog Poet Francisco Balagtas influenced some of the poems included in Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928-1997. Using textual analysis, the study examined the poems if they follow the traditional Tagalog poetry formalized by Balagtas in his Florante at Laura. Aside from the aesthetical standards laid out by Bienvenido Lumbera in his Formalization of Tradition (1967), the formalistic lens in Virgilio Almario's Taludtod at Talinghaga (1991) was also used in reading and analyzing the poems. In addition, some poems that directly mentioned Balagtas were also explored to see how they reflect the influence of the Tagalog poet in the farmers' imagining of an ideal Filipino society.

Keywords: Francisco Balagtas, *Florante at Laura*, Bulacan poetry, rural poetry, formalism, traditional poetry

PANIMULA

Isa sa ipinagmamalaki ng Bulacan ang pagiging lalawigan ng mga alagad ng sining. Sa katunayan, sa opisyal na website ng pamahalaang panlalawigan ng Bulacan, kabilang ang sining sa may mahahalagang ambag sa pagkakakilanlan ng probinsya. Naging mukha at representasyon na ng Bulacan sina Marcelo H. Del Pilar sa kaniyang hindi matatawarang papel sa Kilusang Propagandista; Nicanor Abelardo, Francisca Reyes Aquino, Ernani Cuenco, at Guillermo Tolentino na pawang mga Pambansang Alagad ng Sining, at marami pang mga personahe na kilala sa loob at labas ng bansa. Ngunit sa lahat, itinuturing na pinakadakila ang tinaguriang Sisne ng Panginay, si Francisco Balagtas. Ibinabandila ng Bulacan ang “Makata ng Bayan” at ang kaniyang mga likha bilang mga akda ng kabayanihan at pagkakakilanlang Tagalog at Pilipino.

Sa kabila ng pagbabandila ng pagiging Bulakenyo ni Balagtas, kakaunti lamang ang mga tala sa buhay ni Balagtas na nauukol sa kaniyang pananatili sa nasabing lalawigan. Sa tala ni Hermenigildo Cruz sa kaniyang *Kung Sino ang Kumatha ng Florante* (1906), iilan lamang ang mga detalyeng nakasulat tungkol sa kaniyang buhay sa Bulacan. Tanging kapanganakan at binyag lamang ang mahahalagang pangyayari ng kaniyang pagkasanggol lamang ang nasusulat—2 Abril 1788 bilang petsa ng kaniyang kapanganakan sa Bigaa at 30 Abril 1788 na petsa naman ng pagbibinyag sa kaniya bilang Kristiyano. Malaking bahagi ng kaniyang buhay ang inilagi niya sa Tondo, Maynila at ang iba ay sa Udyong (Orion), Bataan. Maging ang kaniyang mga akdang naging tatak ng kaniyang pagkamanunulat ay isinulat niya habang nasa labas ng Bulacan. Isinulat niya ang kaniyang metriko romansang/awit na *Florante at Laura* (1838) sa isang piitan noong 50 taong gulang na siya, ang komedyang *Orosman at Zafira* (1877) na para sa Teatro de Tondo, ang kaniyang sayneteng *La India Elegante y El Negrillo Amante*. Tanging ang mga ito lamang ang nakaligtas mula sa pinaniniwalaang sunog na tumupok sa napakarami pang akda ni Balagtas sapagkat ang mga ito lamang ang nailimbag. Ang iba pang mga tula ng makata ay ‘nailigtas’ lamang sapagkat isinaulo ng mga anak na kaniya pang nakapanayam para sa isinusulat na aklat. Kumbaga, ang pag-aangkin kay Balagtas bilang ‘anak ng Bulacan’ ay natatali lamang sa kaniyang lugar-kapanganakan. Malaking bahagi ng kaniyang karera bilang manunulat ay sa labas ng Bulacan subalit hindi

ito naging hadlang upang hindi kilalanin ang ambag ng makata sa larangan ng sining sa lalawigan. Marami sa mga makata, sa loob at maging sa labas ng Bulacan, ang sumunod sa yapak ng Sisne ng Panginay patikular na sa estilo at anyo ng kaniyang pagsulat.

Mataas ang naging pagtingin ng maraming manunulat sa kalidad at estilo ni Balagtas sa kaniyang mga akda. Makailang-beses na ibinahagi ni Jose Rizal ang paghanga niya sa makata partikular na sa *Florante at Laura*. Sa lektura niyang *Tagalische Verkunst o Ars metrica de Tagalog*, binanggit niya na ang awit ay isang “akda sa wikang Tagalog sa pinakamatayog na tugatog nito’t karikitan.” Ayon kay Almario (“Kadakilaan” 7), sinipi nang tatlong beses ang *Florante* sa *Noli me tangere* maliban pa sa pahayag ng tauhang si Pilosopo Tasyo na ‘mahusay’ si Balagtas. Kinilalarin ni Lope K. Santos sa *Ang Apat na Himagsik ni Balagtas* (1955) ang ambag ng makata sa kilusang pagbabago bago pa man maisakatuparan ito ng mga Propagandista at Rebolusyunaryo sa pagtatapos ng ika-19 na siglo. At sa pananaliksik ni Bienvenido Lumbera na *Tagalog Poetry: Tradition and Influences in Its Development* (1986), itinaguyod ng akdang *Florante* ang pormalisasyon ng tradisyon ni Balagtas sa panulaang Tagalog. Nangangahulugan ito na ang awit ang naging pamantayan ng ‘mahusay’ at ‘masining’ na tulang Tagalog ng mga sumunod na makatang Tagalog tulad ng naging pagtangi ni Rizal sa nasabing akda.

Ang Lugar ni Balagtas sa Panulaang Tagalog

‘Napakahaba’ ng kasaysayan ng panulaan noong panahon ng mga Kastila. Ngunit kapansin-pansin ang pagiging pananda ni Balagtas bilang pagsisimula o pagtatapos ng isang panahon ng pagtula. Halimbawa, para kina Angeles at Matienzo (27), saklaw nito ang panahon ng pagdating ni Legazpi at ang pagtatatag nito ng Maynila hanggang sa panahon ng *Florante*. Para naman kay Santos (“Mga Katangian” 152), may apat na yugto ang panahon ng tulang Tagalog: *Epoca hispana* (Bago dumating ang mga Kastila), *Epoca religiosa o mistica* (Panahon ng Relihiyoso o Mistiko), *Epoca revolucionaria* (Panahon ng Himagsikan), *Epoca contemporanea o filosofica* (Kasalukuyang Panahon o Panahon ng Pamimilosopiya). Nagbigay si Santos ng mga halimbawang tula sa bawat yugtong kanyang tinalakay—mga tulang sinauna, mga tulang pansimbahan at panrelihiyon tulad ng dalit at pasyon, awit at korido, at mga tulang pantanghal tulad ng

komedya at moro-moro. Subalit sa ikatlong yugto, ang *Epoca revolucionaria* ang natatanging yugto na may pagbabanggit sa isang partikular na manunulat at kaniyang naisulat. Nagsimula ang yugtong ito mula sa ‘dakilang tula ni Baltazar’, isang pagpapakita na may naiibang pagtangi sa kaniya at sa kaniyang akda bilang masining at rebolusyonaryo.

Ayon sa *Kung Sino ang Kumatha*, edukado si Balagtas sapagkat nakapag-aral siya sa pamamagitan ng kaniyang pamamasukan bilang isang kasambahay sa tahanan ng kaniyang tiyahin (Cruz 15). Ibig sabihin, makarating sa kabatiran ni Balagtas ang mga teknik at estilo ng panulat na mayroon ang mga mananakop na Kastila na ipinalalaganap nila sa mga paaralang pinatatakbo ng Simbahan. Ayon din kay Almario (“Ang Pagbabalik” 160), ang mga Espanyol na mismo ang nagsabi na mahusay ang mga Tagalog sa panggagaya at pagsunod sa pangangailangan ng panahon. Bagaman may papuri ang mga mananakop sa kakayahan ng kaniyang sinasakop, malaki pa rin naman ang naging pagkukulang ng mga ito sa pagpapalaganap ng edukasyon para sa lahat. Ngunit sa kabila nito, nakaabot pa rin kay Balagtas ang ‘biyaya’ ng kosmopolitanisasyon ng Maynila o ang pagpasok ng impluwensiyang Kanluranin sa pamamagitan ng kalakalang galyon at ng dayuhang pakikipagkalakal (Lumbera, “The Consolidation of Tradition” 140). Mapapansin ang impluwensiyang ito, halimbawa, sa saynete niyang *La India Elegante y El Negrito Amante* kung saan lubhang naging kapansin-pansin ang paghahanap ng “urbanidad” ng pangunahing tauhan ng tula. Maliban pa ito sa sinasabi ni Reyes (171) na ang pag-igting ng paggamit sa estilo ng metriko romansa (*metrical romance*), pagbitiw ng mga makata sa imahen ng pangkaraniwang buhay, at paglipat sa mas maramdaming paglalarawan sa baladang Kastila at mga temang Griyego at Romano ay dala ng pagsubok ng mga “edukadong Indio” sa anyong tatangkilin ng mayayamang patron.

Masasabing isa sa mga unang manunuri ng mga tulang Tagalog si Rizal. Sa kaniyang talumpating “Ars metrica de Tagalog”, inilatag niya ang mga karaniwang anyo ng mga tulang nakasulat sa wikang Tagalog noong kaniyang panahon. Una, pinakagamitin ang may sukat na aanimin, pipituhin, wawaluhin, at lalabindalawahing pantig. Pangalawa, hindi kinikilala ang malayang taludturan bagkus may sinusunod na labindalawang (*dodecasyllabic*) uri ng sukat. At pangatlo, sa saknungan ay pinakakaraniwan na ang dalawahan,

tatluhan (*terceto*), apatan (*cuarteto*), at limahang (*quinteto*) taludtod. Mula sa mga katangiang inilatag ni Rizal at sa mga sumunod pang manunuri, sininop ni Almario (“Ang Kadakilaan” 13) ang pormalistikong katangian ng *Florante* at idinikit dito ang ambag ng akda sa pag-unlad ng panulaang Tagalog kabilang na ang pagkakaroon nito ng pananaw na sekular at disekular na hindi pangkaraniwan noon.

Ang pormulang ito na mahusay na napagsama ni Balagtas ang sanhi ng pagtatagumpay nito sa panlasa ng maraming eksperto sa pagtula. Pinuri ni Rizal sa kanyang “Ars metrica” ang mga akda ni Balagtas partikular na ang kaniyang mga tulang *cuarteto*. Aniya, “ang lalong magaganda’t matulaing tula ay nasusulat sa *cuarteto*... na isang huwaran ng pamamaraan ng pagsasalita ng mga Tagalog” (57). Kinilala rin ni Epifanio de los Santos sa kaniyang *Balagtas y su Florante* (1916) ang impluwensiya ni Balagtas at ng kaniyang awit sa maraming manunulat at mananalumpati. Palaging may paggamit ng mga saknong mula mismo sa awit upang ang kanilang mga akda at talumpati ay “[ma]palamutian ng aral na ginto” (325). Subalit sa mga bata-bata pang pananaliksik ukol kay Balagtas at sa kaniyang mga akda, pinakadirekta na marahil ang kay Lumbera sapagkat masasabing “idineklara” nito na ang *Florante* ang nagsimula ng pormalisasyon ng tradisyon sa tulang Tagalog (“The Formalization” 137).

Ang Papel ng “Popular” sa Pormalisasyon ng Tradisyon

Binuksan ni Balagtas ang posibilidad ng paglikha ng mga tula labas sa mga tema at paksaing pansimbahan. Subalit bago pa man mailimbag ang *Florante* at tangkilikin ng publiko ang awit na isinulat ni Balagtas, may mga akdang sekular na ang makata kabilang na ang ilang moro-moro at komedyang naging popular sa selebrasyon ng mga kapistahan (Cruz 19). Halimbawa, ang komedyang “Almanzor y Rosalina” na tumagal nang labindalawang araw ang pagtatanghal, ang “Abdal y Miserena” na natunghayan naman ng mga mamamayan ng Abucay sa kanilang pista noong 1859, at ilan pang mga tulang alay sa mga tiyak na personahe tulad ng “Papuri kay San Miguel” at “Papuri kay Isabel II, Reyna ng España.” Kaya masasabing isang pampublikong pigura si Balagtas sa usapin ng kaniyang mga akda. Naging popular para sa ordinaryong tagapakinig at manonood sapagkat binabayaran siya

upang magsulat ng mga tula at tulang patanghal. Dagdag pa, naging malaki ang papel ng mga patron o iyong mga nagbabayad para sa mga tulang isinusulat sa popularisasyon ni Balagtas.

Matapang ang haka ni Lumbera na ang pagiging popular ni Balagtas at ng kaniyang mga akdang itinanghal sa publiko ang isa sa mga dahilan kaya sinundan ng iba pang manunulat ang kaniyang estilo sa pagsulat (“The Formalization” 137). Lalong napatibay ang pagiging pamilyar ng mga mambabasa sa kaniya sapagkat ang *Florante* ay nakasunod sa hubog ng tulang pantanghalan. Malinis ang pagtatahi ng mga eksena at naiiba ang pagsisimula. Ang paksa ay hindi tungkol sa pananampalatayang Katoliko. Sa halip, binigyan ni Balagtas ng iba pang ‘poetic texture’ ang awit. Tinalakay niya sa pamamagitan ng mga pangyayari sa kaharian ng Albanya ang mga usaping ukol sa masuyong pag-ibig (*courtly love*), paninibugho (*jealousy*), pakikipagkapwa (*human solidarity*), at pagkamakabayan (*patriotism*). At maliban pa sa mga *social theme*, higit na tinalakay ni Lumbera ang ambag ng tula sa tradisyonal na porma ng panulaang Tagalog. Aniya:

The dodecasyllabic line became the Tagalog meter after *Florante at Laura* demonstrated Baltazar’s success with the measure. With the heptasyllabic line associated with folk poetry and the octosyllabic line with religious verse, the dodecasyllabic meter came to be identified with secular poetry during and after the nineteenth century.

The monorhymic quatrain remained, however, as the standard Tagalog strophe... It is one element from the folk tradition that has persisted in Tagalog poetry; its balance of two lines against two other lines has been maintained even in the recent twentieth-century verse. (“The Formalization” 139)

Dagdag pa ni Lumbera, kailangang patampukin ang ‘prestihiyo (*prestige*)’ na ipinutong ni Balagtas sa tulang kasaysayan/naratibo. Sa madaling salita, para kay Lumbera, ang matagumpay na pagsasama ng porma/anyo, tradisyong pampoetika (*poetic traditions*), “mga layuning pansining (*artistic intentions*)”, at emosyon ang mabisang pormula kaya nakamit ng kaniyang *Florante* ang ‘pormalisasyon ng tradisyon’ at ang hindi matatawarang impluwensiya nito sa mga

manunulat sa wikang Tagalog sa mga sumunod pang henerasyon kasama na ang mga makata ng aklat na tampok sa papel na ito, ang *Sa Gulugod ng Kalabaw*.

Masasabing ang mga pagkilala kay Balagtas at ang pagpapahalaga sa kaniya ng nakatalang kasaysayan, iniluwal ang isang “padron” sa tradisyonal na pagtula sa Tagalog. Ito naman ang siyang sinundan ng mga makatang hinasa ng akademya at maging iyong hinasa ng karanasan sa bukid, sa mga patimpalak, at sa mga pampublikong pagtatanghal lalo na ang mga manunulat mula sa kaniyang pinagmulang lalawigan.

Mga Bulakenyo rin ang mga makata sa koleksiyon ng mga tula sa *Gulugod*. Mula rito, layunin ng papel na sipatin ang ilang tulang kasama sa koleksiyon kung may mga katangian ba itong natutulad sa mga pamantayan ng tradisyonal na tulang Tagalog na pinormalisa ni Balagtas. Maliban sa mga inilatag ni Lumbera sa kaniyang *Formalization of Tradition*, gagamitin din ang ibang pormalistikong lente ng pagsusuri ng tulang tradisyonal sa *Taludtod at Talinghaga* ni Almario (1991). Sisipatin din ang ilang tulang may direktang pagbanggit kay Balagtas at titingnan din ang mga tema at paksaing napatampok sa mga tula at kung ano ang nais nitong sabihin sa pagharaya ng mga magsasakamkata sa isang ideal na lipunang Filipino.

Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928-1997

Ang *Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928-1997* ay isang koleksiyon ng mga tulang sinaliksik at tinipon ni Eduardo Lapiz (BA Philippine Arts, UP Manila). Binubuo ito ng 140 tulang isinulat ng mga magsasaka mula sa iba’t ibang bayan ng Bulacan—mga taong sinasabi ni Lumbera na ‘katutubong Kristiyanong Pilipino.’ Ayon kay Lumbera, ‘underrepresented’ ang mga akda ng mga manunulat na hinubog ng rural na pamayanang Tagalog. Para sa kaniya, ang mga ito ay nagtataglay rin ng pagiging katutubo sapagkat sinasalamain pa rin nila ang kulturang Pilipino sa mga kapatagan ng Luzon. Nakaayos ang mga tula ng koleksiyon batay sa tema (bayan, pakikipagkapwa, kalikasan, pananampalataya, atbp.). Ilan sa mga tula ay may petsa kung kailan ito naisulat subalit mas marami ang wala.

Limang makata ang naging manunulat sa 140 tulang kabilang sa *Gulugod*—isang babae at apat na lalaki. Ang mga lalaki ang may pinakamaraming tulang kabilang sa koleksiyon: si Aurelio de Guzman, isang

magsasaka mula Angat; si Ciriaco Lopez Francisco, isang duplero mula Hagonoy; si Pablo C. Manuel na isang makatang taga-Angat na nagwagi na sa mga patimpalak; at si Conrado R. Victoria na isang magsasaka mula naman sa Paombong. Ang nag-iisang babae ay si Virginia Acuña Cruz, isang tindera ng bigas at lingkod ng simbahan. Walang pormal na edukasyon sa malikhaing pagsulat ang mga manunulat. Sa maiikling pagpapakilala ni Lapid, pinaunlad na lamang ang kanilang kakayahan sa paglikha ng mga tula dahil sa pagsasanay sa iba't ibang tradisyonal na panulaan. Hindi prioridad ang pag-aaral sapagkat ayon sa isa sa mga magsasaka-makata, kailangan nilang tumulong sa pamilya sa pag-aararo ng bukid. Instrumental ang kanilang karanasan at kalagayang panlipunan sa mga panulat kaya ang bawat tula ay salamin ng kanilang sitwasyong pulitikal at ekonomikal bilang mga magsasaka sa Bulacan. Tinawag ito ni Lapid na mga 'tula ng bayan'—mga tulang repleksiyon ng pamumuhay ng mga magsasaka sa mga kanayunan. Silang mga katutubong binyagan na nagtataglay rin ng kultura at pagkakakilanlan. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit kinikilala rin ang kanilang mga tula bilang batis sa paghahanap ng, 'ika niya, ay tunay na 'katutubo' at 'Pilipino'.

Ang Tradisyonal na Anyo ng *Sa Gulugod*

Marami-rami ring taga-Bulacan o iyong mga nasa rehiyong ang pangunahing wika ay Tagalog ay tila may likas ang kakayahan sa pagiging makata. Ayon kay Veneracion (58), isa ito sa mga katangiang napansin ng mga Kastila na itinuturong dahilan sa pagkahumaling ng mga Tagalog sa komedya sa panahon ng kasikatan nito noong 1800s. Maiuugnay ito sa pagiging 'publiko' ng porma sapagkat ayon sa maiikling talambuhay na nakalap ni Lapid, ang apat sa mga magsasaka-makata ng *Sa Gulugod* ay hinasa ng pagsali sa mga lokal na patimpalak sa pagtula o kaya ay sa pamamatron ng ilang indibidwal para sa mga okasyong may mga pagtatanghal; karaniwan ay para sa pistang-bayan o pista-opisyal.

Para kay Almario, kung pormalistiko ang magiging pagtingin, nangangahulugan ang tulang tradisyonal bilang mga akdang sumusunod sa isang "luma at nakamihansang" anyo (*Mutyang Dilim* 101).

Ibinigay ni Almario na halimbawa para sa tulang ito ang tula ni Teo Antonio na "Doon Po sa Amin" na ayon sa kaniya ay "nasa loob ng parihabang kahon na

may apat na magkakapantay na saknong at iisa ang sintunugan sa dulo" (*Mutyang Dilim* 101). Tingnan ang isang saknong ng nabanggit na tula:

Doon po sa amin, bayan ng Panique
Mga mamamayan ay lubhang mas'werte
Ang pulis ay pilay, ang meyor ay pipi,
Governor ay bulag, ang hukom ay bingi. (sinipi
sa *Mutyang Dilim* 101)

Hinango ang anyo ng "Doon Po sa Amin" ni Antonio sa isang kantahing-bayan na may katulad ding pamagat. Malinaw na makikita sa tula ang anyong taglay ng *Florante* ni Balagtas na para kay Lumbea ay isa nang 'padron' para sa mga tradisyonal na tula. Ganito rin ang pagtingin ni Almario sa 'tradisyonal'—saknongang may apat na taludtod, isahang tugma, at lalabindalawahing sukat (*Taludtod* 199). Walang tiyak na petsa o panahon na naging laganap ang nasabing kantahing-bayan subalit hindi naman nito tinatanggal ang katotohanang karaniwan na ang paggamit ng anyo ng *Florante* na ang bawat taludtod ay may lalabindalawahing sukat (dodekasilabiko, bagaman sa bersiyon nito ni Almario ay naglangkap siya ng mga pahinang may paglilinaw sa 16 na 'pagkakamali' ni Balagtas sa bilang ng pantig) at bawat saknong ay binubuo ng apat na taludtod. Lutang na lutang din ang dulong tugma o *end rhyme* at sa usapin ng tugma, nakasanayan nang hatiin ang mga titik upang makalikha ng tugmaan (*Taludtod* 15). Magkakatugma ang *b, k, d, g, p, s, t* at magkakauri naman ang *l, m, n, ng, r, w, y*. Halimbawa, ang Saknong 200 ng *Florante* ay nagtapos sa mga salitang *tubig, madilig, init, at maniig*. Ang Saknong 202 naman ay nagtapos sa *hubad, salat, paglingap, at anak*.

Mahusay na nakalikha si Balagtas ng tugma sa mga halimbawang salita mula sa dalawang saknong (*-ig* at *-it* sa Saknong 200; *-ad, -at, ap, -ak* sa Saknong 202) at napanatili ito sa kabuuan ng kaniyang awit. Ilan sa mga tula ng koleksiyon ang mahigpit na sumunod sa ganitong anyo. Maliban sa naunang nabanggit na dahilan, ipinaliwanag din ni Almario (*Taludtod* 10) na ang pagkahumaling ng mga manunulat ng tradisyonal, lalo na sa tugmaan at sa sukat, ay nakaugat sa paghuli ng tao sa mga himig at tunog. Aniya, "ang makulay na daigdig ng ating mga ninuno ay hitik sa musika ng kalikasan... Ang mga tunog na ito ang inihanap niya ng katugmang katinig at patinig sa kaniyang dila." Dagdag pa sa pagsunod sa nakasanayang tradisyon,

maaaring ang kalikasang nakapaligid sa magsasaka-makata ay nakaimpluwensiya sa paglikha nila ng mga tulang mayaman sa sukat at tugma.

Ilapat natin ang mga obserbasyong ito mula sa mga piling tula na mababasa sa koleksiyon. Halimbawa ay ang tula ni Aurelio de Guzman na *Ang Taong Dukha*:

Sa mundo'y wala nang nilikhang kawawa,
Di paris ng taong sumilang na dukha;
Laging inaapi't dinudusta-dusta
Ng kapwa ring taong sa yama't sagana.

Hindi ngayo't dukha ang isang nilalang,
Dapat nang hamakin ng taong mayaman;
Dapat na alaming sa mundong ibabaw,
Tao'y nakakapit sa gulong ng buhay.

.....
Aanhin ang bahay na yari sa bato
Kung ang naroon ay isang demonyo;
Buting dili hamak ang isang bahay-kubo
Kung ang tumitira'y taong maginoo. (151)

Sa pormalistikong pagsusuri, agarang mapapansin ang dodekasilabikong bilang ng mga pantig, ang cuarteto na saknong, at ang mahusay na pagsunod sa tugmaang katinig at patinig. Taglay rin ng tula ang mahusay na paggamit sa *caesura*, ang paghahati ng isang taludtod sa dalawang pantay na bahagi. Ganito rin ang makikita sa kaniyang tulang “Bayan Muna Bago ang Sarili”:

Ako'y isang batang kulang pa sa gulang,
Kapos pa sa isip, dahop pa sa alam;
Ngunit sa malayo'y aking natatanaw
Ang masayang bukas at ganda ng buhay.

Sa aking paglaki ang mithi't pangarap,
Mapaglingkuran ko ang bayan kong liyag;
Walang itatangi, mayama't mahirap
Sa paglilingkod kong gagawing matapat.

.....
Kaya't ngayon pa lang ating pag-aralan,
Banal na ugali at magandang asal;
Sapagkat ang taong may sariling dangal,
Patay ma'y buhay rin sa puso ng bayan. (160)

Kapwa magsasaka sina Aurelio de Guzman at Conrado Victoria. Bagaman nasa magkaibang bayan ng Bulacan, ang tradisyonal na katangian ng pagtula sa Tagalog ay makikita rin sa isa sa mga tula ni Victoria

na pinamagatang “Malnutrisyon”:

Problema ng bansa sa ating panahon
Ay ang tinatawag nating malnutrisyon;
Kulang sa sustansya ang maraming sanggol
Kaya ang paglaki laging nauuntol.

.....
Gobierno't publiko'y dapat na magsikap
Para malnutrisyon ay mapawing ganap;
Upang itong bansa'y lubos na umunlad,
Malaya, malusog, at bansang matatag. (191-192)

Ang tatlong halimbawang tula ay ilan lamang sa mahigpit na sumunod sa lahat ng mga pangunahing katangian ng tradisyonal na pagtula. Subalit may mga tula rin sa *Gulugod* ang hindi sumunod sa anyong cuarteto na sukat. Halimbawa ay ang “Bakit Kaya?” ni Ciriaco Francisco:

Ang sikat ng araw ay namamanaag,
Tumatabon nama'y makapal na ulap;
May hinog na bunga na nasa itaas,
Nang aakyat ko nama'y may humahatak;
Nang ako'y bumaba't pipitas ng rosas,
Tinik ay dumuro sa sariling palad.

Bumuka ang aking bulaklak ng nasa,
May uod at anay na agad na sumira;
Nahinog na mangga nalaglag sa lupa,
“Mapait,” ang sabi ng palalong dila,
May pangyayari na dito'y balintuna,
May nagmamataas siyang bumababa. (25)

Animan na ang bawat saknong subalit kung pakasusuriin, makikitang pinanatili ang tugma, dodekasilabikong sukat, at ang pare-parehong bilang ng taludtod kada saknong. Kung gayon, masasabing buhay na buhay ang mga pagtatangka ng mga manunulat sa koleksiyon ang mag-eksperimento o sumubok ng naiibang anyo sa nakasanayan. Mayroon ding higit sa lalabindalawahin ang bilang ng pantig kada taludtod tulad na lamang sa tula ni Victoria na “Pananambitan”:

Sa dilim ng hatinggabi ay muli kong binabakas
Ang naglaho mong kariktang di na muling namamalas;
Pakiusap ang hingi ko oh mutya kong nililiyag,
Dampulayan kahit munti ang puso kong naghihirap.

Aking mutya ay mahabag ka sa puso kong tumatangis,
 Sa dalita ang dibdib ko ay malapit nang mapunit;
 Aking mahal kahit minsan pakinggan mo yaring hibik,
 Mga hibik ng puso kong sa pagsinta ay naamis.
 (103)

Sa 140 na tula, cuarteto ang pinakagamiting saknungan bagaman may mga saknong na umaabot sa walo hanggang sampu ang taludtod. Pinanatili ng kalakhan ng mga tula ang tugmaan at iilan lang ang gumamit ng “malayang taludturan” o ng tulang walang sukat bagaman may pagsisikap na magkaroon ng tugma (hal. “Si Balagtas at mga Karapatang Pantao”). Sa madaling salita, namayani ang estilo at pamantayan ng tradisyon sa karamihan sa mga tula. Isa pa, pinatunayan na hindi mapasusubalian ang impluwensiya ni Balagtas at ng pinormalisa niyang anyo ng tradisyonal na pagtula sa mga tulang isinulat ng mga magsasaka. Kaya nga sa loob ng halos pitong dekada (1928-1997), maoobserbahang ‘nakakalat’ at ‘tumatawid’ sa iba’t ibang taon ang pagsunod ng maraming tula sa mga katangian ng tradisyonal na anyo. Bukod pa rito, tumatagos din sa tradisyon at estetika lamang ang pagtangkilik ng mga makata sa anyo. Maituturing din itong *functional* at praktikal sapagkat mas madaling masaulo para sa makata at masundan para sa tagapakinig ang ganitong anyo (Almario, *Mutyang Dilim* 101) dahil karamihan sa mga tula ay inilaan para itanghal o ilahok sa mga lokal na patimpalak tulad na lamang ng mga akda nina Pablo Manuel at Ciriaco Francisco. At mahalagang mabanggit na ang ikatatagumpay ng tula ay hindi lamang nakaatag sa ganda nito, sangkot din ang tagapakinig. Kaya matindi ang pangangailangan sa pagkakaroon ng tula ng indayog, ng musika at ng talinghaga. Napakalaki rin ng ambag sa pagpapanatili ng tradisyonal na anyo sa kakulangan sa matatag na pormal na edukasyon sa probinsiya tulad ng Bulacan. Una, nakukuha ng mga magsasaka-makata ang kasanayan sa pagsulat mula sa kanilang pagkakalantad sa anyo sa pamamagitan ng mga pampublikong okasyon at pagpapasa-pasa ng kasanayan. At ikalawa, higit ang pamamayani ng tradisyonal na anyo sa mga probinsiyang Tagalog na hindi pa nakakasagap ng pagbabagong dala ng mga “bagong makata” sa pangunguna ni Alejandro Abadilla (Almario, *Mutyang Dilim* 75). Kung napaabutan

man ng pagpasok ng modernong panulaang Tagalog, hindi kaagad ito matanggap. Matatandaan na hindi kaagad niyakap ng mga manunulat partikular na ng mga makata ang mga tulang walang sukat at rima (tugma); bagkus, nakatanggap pa si Abadilla at iba pang modernista ng mga puna at tuligsa (Ricarte 324).

Malaki ang pagkakautang ng pormalisasyon ng tradisyon sa panulaang Tagalog sa naging impluwensiya ni Balagtas. Sa loob ng maraming taon, umukit ang kaniyang mga akda ng susundang landas ng mga makatang sumunod sa kaniya hanggang sa mga magsasaka-makatang kabilang sa koleksiyon. Subalit higit pa sa anyo, mababanaag din sa *Gulugod* ang mga halagahang tinalakay ni Balagtas sa iba’t iba niyang mga akda tulad na lamang ng pagkakatalakay ni Lope K. Santos sa *Apat na Himagsik ni Balagtas* at ng pagkilala ni Soledad Reyes sa ambag ng *romance mode* sa realismo sa Pilipinas (172-173); patunay ng pinagsaluhang tunguhin ng mga manunulat at ng Dakilang Makatang Tagalog magkaiba man ang panahon na kanilang pinagmulan.

Si Balagtas sa Marubdob na Pag-ibig ng mga Makata

Hindi si Balagtas ang nanguna sa pagsulat ng mga tula tungkol sa marubdob na pagmamahalan, naging instrumental ang mga akda ni Balagtas lalo na ang kaniyang awit sa pagpapakilala ng konsepto ng romansa mula sa Kanluran. Ayon nga kay Soledad Reyes:

Historically, the romance mode manifested itself in the awit and corrido, the Philippine versions of the European medieval romance. The tremendous popularity of these narratives was unabated until the first quarter of the twentieth century at which time the novel and the short story emerged. (166)

Bago ito para sa mga manunulat noon. Mula sa pag-ibig na umiinog sa Diyos at relihiyon, ang Kanluraning romansa ay nakatutok sa pag-ibig sa kapuwa tulad ng sa kasintahan at sa mga kasama sa pamayanan. Kaya hindi nakapagtata kang “pinangunahan” ng akda ni Balagtas ang pagpihit ng mga tula tungo sa mas humanistikong lapit na, tulad ng binanggit ni Reyes ay naging popular hanggang sa pagpasok ng bagong siglo.

Kung ang pagbabatayan ay ang uri ng pag-ibig na ipinakita ni Balagtas sa *Florante*, tatlong tula ng *Gulugod* ang maaaring paghanguan ng pagsusuri. Ang mga ito ay “Paalam” ni Aurelio de Guzman at “Kailan Ka Magbabalik” at “Nawa’y Lumigaya Ka” ni Conrado Victoria. Sa katunayan, halos dalawampung porsiyento ng kabuuang awit ni Balagtas ang nagsasalaysay ng dalamhati at panibugho ng lalaki sa babae.

Masasalamang ang lamentasyon ni Florante sa mga tulang nabanggit. Halimbawa, sa unang dalawang saknong ng “Paalam” ni De Guzman, makikita ang masuyong pamamaalam ng magsasaka-makata sa minamahal niyang may iba nang iniirong:

Paalam na ako sintang minamahal
Na naging kasuyo’t inirong sa buhay;
Yamang nilimot mo ang ating sumpaang,
Aalis na akong sa puso’y may lumbay.

Mahapdi sa loob ang aking paglayo’t
Di na makikita ang dating kasuyo;
Ngunit ang pag-asa’y yamang naging bigo,
Lalayo akong may sugat sa puso. (94)

Ang ‘pamamaalam’ ng persona ng tula ni De Guzman, na tila nananawagan sa kaniyang minamahal, ay maiihalintulad sa unang bahagi ng lamentasyon sa mga Saknong 19-66 kung saan isinalaysay ni Florante ang sakit na dulot ng inakala niyang ‘pakikiapid’ ni Laura kay Konde Adolfo. Gayunman, kahit nagpapaalam na, naroroon pa rin ang pagsuyo at ang kahandaang magtiis bagaman mababanaag pa rin ang hinanakit lalo na sa ikatlong taludtod ng unang saknong: *Yamang nilimot mo ang ating sumpaang*. Ang hinanakit na naramdaman ng persona sa “Paalam” ay mababasa rin sa mga Saknong 61-62 ng *Florante*, na kahit may bahid man ng galit, malinaw pa rin ang masuyong pagtingin ni Florante kay Laura sa kabila ng ‘pandaraya’ ng babae sa kaniya.

Magkaiba man ng pinaghuugutang salaysay ang magsasaka-makata at ang protagonistang mula sa awit, iisa ang nais nilang maipadama sa kanilang mambabasa—ang kirot ng iniwanan at maging ang pangako ng kaniyang habambuhay na pagmamahal. Sa pagtatapos ng “Paalam” ni De Guzman, may iniwan ang persona ng tula sa kaniyang kinakausap. Aniya, maging sa libingan ay mananatili ang kaniyang pag-ibig sa minamahal.

Hindi naiiba ang ‘pamamaalam’ ni De Guzman sa mensahe ng katulad ding mga tula ni Victoria. Tingnan ang huling taludtod ng tulang “Nawa’y Lumigaya Ka”:

Tandaan mo ang habilin ng puso ko’t pahimakas,
Ikaw rin ang iibigin, mamahalin hanggang
wakas. (92)

Sa Saknong 107, may ganong pangako si Florante, “at kung mangyayari hanggang sa malibing, / ang mga buto ko kita’y sisintahin.” May malaking gampanin ang pagdating ng kamatayan sa naratibo ng pag-ibig sa tula kapuwa ni Balagtas at ng mga magsasaka. Sa mga tulang sinuri at ginawang halimbawa sa papel na ito, makikita ang parehong sentimyento ni Florante na nais iparating ng nabanggit na saknong—hindi kamatayan ang magsisilbing tuldok sa pag-iibigan ng dalawang tao at magpapatuloy ang pag-ibig ng persona ng tula kahit siya ay ‘buto’ o ‘nasa libingan’ na. Sa “Kailan Ka Magbabalik” ni Victoria, higit namang madrama ang papel ng kamatayan sa pagitan ng persona at ng kaniyang minamahal:

Ayaw ko nang mabuhay pa sa daigdig ng himala,
Kung hindi ko kapiling ang mahal kong minumutya. (51)

Sa unang tingin, maaaring masabi na naiiba ito sa pagtingin sa kamatayan at pag-ibig sapagkat nagpapakita ito ng kawalan ng pag-asa ng persona na kaiba sa mga naunang tinalakay na tula. Hindi na hinintay ng persona ang kamatayan, bagkus ay hiniling na niya na dumating ito sapagkat nababatid niya na hindi na mapapasakaniya ang minamahal. May ganito ring himutok si Florante sa Saknong 63: “Alin pa ang hirap na ‘di na sa akin? / may kamatayan pang ‘di ko daramdamin?’” Gayundin naman, sa higit na malalim na pagsusuri, lalo na sa huling mga salita ng halimbawang sipi, makikita pa rin na sa kabila ng kawalan ng pag-asa, nananatili sa persona ang wagas niyang pag-ibig sa minamahal, sa kaniyang *malal* na minumutya.

Ang kalungkutan at sakit na dulot ng pag-ibig ay maiihalintulad sa isang karamdaman. At may lunas ding inaalok ang akda ni Balagtas. Sa isang bahagi ng *Florante*, mababasa ang Saknong 55 kung saan tinatawag ni Florante si Laura upang siya ay damayan at maging gamot sa kaniyang dinaranas na paghihirap. Sa mga tulang pag-ibig ng mga magsasaka-

makata, ito rin ang nakikita nilang lunas sa kanilang pinagdaraanang sakit. Halimbawa sa “Kailan Ka Magbabalik,” binanggit ni Victoria na ang pagbabalik lamang ng kaniyang ‘mutya’ ang makapapawi ng kaniyang pagluluksa. Samantalang kay De Guzman sa kaniyang “Paalam”, ang pagdalaw ng minamahal sa kaniyang puntod ay sapat na.

Bagaman hindi namang tahasang sinasabi ng pag-aaral na si Balagtas lamang ang pinagbatayan ng mga makata ng paraan ng pagpapahayag ng kanilang nararamdaman, makikita na magkakaugnay sila sa maraming aspekto. Kamangha-mangha na sa kabila ng pagkakaroon ng daan taong pagitan sa mga magsasaka at sa Sisne ng Panginay, nakatahi pa rin ang kanilang mga panulat sa kirot ng pag-ibig at ang saya sa pagtatagumpay nito. Sa katunayan, ang ganitong uri ng mga hugot ay nagpapatuloy pa rin sa iba’t ibang popular na anyong pampanitikan tulad na lamang ng mga nobela at komiks, na ayon kay Reyes (179) ay gumamit ng mga katangian ng awit at korido bilang panghatak sa mga mambabasa; makikita rin ito maging sa mga anyong popular sa Internet sa kasalukuyan—mula sa mga romantikong pelikula at teleserye, sa mga *Internet memes*, at *online hugot*. Halimbawa ng tinatawag na online hugot ay ang ‘Tom Sawyer memes’ na naglalaman ng mga hirit o pasaring tungkol sa sakit dulot ng pagkabigo sa pag-ibig. May ganito ring kalikasan ang ilang *social media post* na may *screenshot* ng mga pelikulang romantiko na may pagbabalik sa mga eksena ng pagtatapat ng mga naghiwalay na magkasintahan.

Hindi natuldukan sa pagtula lamang ang pagpapahayag ng sakit na dulot ng pag-ibig at sa paghahanap ng lunas para rito. Hindi na rin nakapagtataka, sapagkat ang pamamayani ng pag-ibig at romansa sa mga popular na panitikan tulad ng *Florante*, ay magpapatuloy hangga’t ito ay kinakailangan at hinihingi ng panahon (Reyes 169).

Si Balagtas Bilang Pamantayan ng Kahusayan at Kabayanihan

Maliban sa anyo at porma, may mga tula rin sa koleksiyon na direktang kumikilala sa husay ni Francisco Balagtas bilang isang Tagalog at bilang isang makata. Makailang beses na binanggit ang makata sa *Noli me tangere* ni Rizal. Halimbawa ang siping ito sa “Kabanata 26: Bisperas ng Pista”:

Inyó pô sánang alalahanin ang sinasabi ni Baltazar:

“Cung ang isalubong sa iyong pagdating
Ay masayang mukhá’t may pakitang guiliw,
Lálong pag-ingáta’t caaway na lihim...”
Cung gaano ang galing ni Baltazar sa pagca
poeta ay gayón din sa catalinuhang umísip.
Itó at ibá pang mġa bágay ang mġa nangyari sa
áraw na sinusundan nġ fiesta bago lumubóg ang
áraw. (Project Gutenberg 226)

Sa pamamagitan ng tauhang si Pilosopo Tasyo, naipahayag ni Rizal ang pagtatangi niya sa makata bilang huwaran ng kahusayan. Ang tradisyon ng rekognisyon sa kaniya ay nanatili hanggang sa mga manunulat ng *Gulugod* dahil hindi na nakapagtatakan higit na dadakilain ng mga makata ng Bulacan ang kanilang ‘kababayan’. Sa “Wikang Tagalog” ni Conrado Victoria, kinikilalang handog ng Diyos sa Bulacan si Balagtas gayundin ang kaniyang impluwensiya sa wika:

Nang lalangin itong mundo ng Maykapal na lumalang,
Nagkawika tayo ritong **namulaklak sa Panginay**,
Wikang ito pag ginamit sa masakim na dayuhan
Ay sandatang nagsisilbing pumapatay sa halimaw... (211)

Panginay (sa bayan ng Bigaa na ngayon ay Balagtas, Bulacan) ang baryong pinagmulan ni Balagtas. Ipinahihiwatig ng pahayag na may diin sa ikalawang taludtod na ang kaniyang kapanganakan ay hudyat ng ‘pamumulaklak’ o pag-unlad ng wika sa bayang sinilangan ng makata. Maliban pa rito, itinuturing din siyang bayani sapagkat ang ‘namulaklak’ na wika ng Sisne ng Panginay ay naging instrumental pa sa pagpapalaya ng bansa sa kamay ng mga dayuhan. Sa *Apat na Himagsik*, ibinandila ni Santos ang pagiging rebolusyonaryo ng makata subalit sa ilang tula ng mga magsasaka, malinaw na ang wikang pinaunlad ni Balagtas ay isa lamang sa mga bagay na kinikilalang ambag ng makata sa pagpapalaya ng bayan. Sa susunod na saknong lalo pang pinatindi ang pagdakila kay Balagtas:

Sa tangkay ng gintong nais nang bubot pa itong wika,
 Tayong mga Pilipino'y may hangari't pagnanasa;
Pinahinog ni Balagtas sa sariling pagpapala,
 Ang layunin at hangari'y naging isang pambihira... (211)

Kinikilala naman ng makata ang taglay nang kapangyarihan ng sambayanan subalit para sa kaniya, ito ay hindi pa sapat ('bubot') kaya ang pagdating ni Balagtas ang naging hudyat sa lalo pang pag-unlad nito. Sinasabing kung ang wika (o ang mga akdang pampanitikan) ang pinakadakilang ambag ng makata, sa saknong na ito ay lumampas pa sa pagpapahinog ng 'wika' ang kaniyang kabayanihan. Itinuring ang makata bilang isang puwersang tumulong upang mapagkaisa ang hangarin ng mga Pilipino. Malinaw itong naisalarawan sa pamamagitan ng direktang pagbabanggit na sa akdang awit ni Balagtas sa ikaapat na saknong ng tula ni Victoria:

Ang **Florante at Laura**, patnubay ng ating wika,
 Ang aklat ay naging gabay ng pulubi't masagana;
 Tagahasik ng magaganda't mga gintong halimbawa,
 Tagahayag ng matuwid sa nalupig at nasira;
 Ito rin ang naging landas na matuwid at payapa
 Na lagi nang tinatahak ng tapat na mga diwa.
 (211)

Napakahalagang mabigyan ng pansin ang pagtatampok sa *Florante at Laura* sa tulang ito. Mababanaag ang isa sa mga *himagsik* na binanggit ni Santos hinggil sa pagiging 'gabay' ng awit dahil kapupulutan ng kagandahang-asal at mapagkukuhanan ng asal na 'tuwid' at totoo. Tinatawid din ng mga tampok na aral ang uring panlipunan sapagkat mababasa na ito ay para sa 'pulubi't masagana' at mas mapangyakap dahil may mapupulot dito maging sa 'nalupig at nasira'. Sa iba pang bahagi ng tula, tinawag din itong 'evanghelyo', isang liwanag na 'gumuhit sa karimlan', at 'aklat [na] sa aral ay sagana'. Sa isa pang tula ni Victoria na "Si Balagtas at mga Karapatang Pantao," naging tuwiran na ang paghango sa mga partikular na tauhan ng awit at may direkta na ring pagkukumpara sa suliranin sa realidad:

Ang hirap ng bayan
 Sa pagkabusabos ay kanyang tinula;
 Binigyang papuri
 Ang mga mabuti't pinuna ang mga masama;
 Ang mga **Adolfo**
 Ay inulos niya ng mga tuligsa,
 Ngunit hanggang ngayon
 Ay marami pa rin iyong nanadya;
 Ang mga **buwitre**
 Naglipana ri't hindi nagsasawa
 Sa pagpapahirap
 Sa kapuwa tao at maging sa bansa... (205)

Naging daan ang akda upang mailagay si Balagtas sa rurok ng kaniyang pagkabayani ngunit hindi nakalimot si Victoria na ipahayag pa rin ang kaniyang pagkadismaya. Ito ay sa kabila ng pagkalikha sa dakilang akda, nananatili pa rin ang mga suliraning tinulaan ng makata— 'marami pa rin ang nanadya' at 'naglipana' pa rin ang mga nagpapahirap. Gayunman, naging mas matimbang na hindi lamang siya alagad ng sining, kundi isang Bulakenyo at Pilipinong nanguna o kung hindi man ay may katangi-tanging ambag sa kasaysayan, sa moralidad at etika, at lalo na sa panlipunang pagbabago. Sa pagtatapos ng tula ni Victoria ay ganito ang kaniyang sinasabi:

IYAN SI BALAGTAS!
 Na may diwang henyo't matibay na dibdib
 Na sa ating bayan
 Kahit kailan ay hindi na umalis;
 Bawat republika
 Na sa ating bansa'y natayo't natindig,
 Simulain niya;... (206)

Napakataas ng pagkilala sa kaniya ng mga magsasaka-makata sapagkat kitang-kita sa tula ang pagluluklok kay Balagtas bilang 'nagpasimula' ng pagkabansa at supling ng kaniyang mga ideya ang bawat republika. Bago pa man ang marubdob na pagtatapos ng tula, inisa-isa na ni Victoria ang mga elemento ng *Florante* na naging susi sa pagmumulat ni Balagtas sa 'napakatagal na pagtulog' ng sambayanan. Aniya, 'hinawi' ng likhang-sining ng makata ang tabing na kurtinang nagdudulot ng takot at pangamba sa mga Pilipino. Makikita na tila ba isang mesiyas si Balagtas at ang kaniyang akda, isang tagapagligtas sa oras ng pagdurusa at isang ilaw sa madilim na yugto ng ating kasaysayan.

Mayroon namang ‘pag-aangkin’ kay Balagtas sa isa pang tula ni Victoria. Sa “Ito ang Bayan Ko,” buong pusong ipinagmalaki ng magsasaka ang Paombong na kaniyang pinagmulang bayan sa Bulacan. Inilatag niya ang mga katangian ng Paombong bilang bayang kinaaawaan ng Diyos, bayang biniyayaan ng masisipag na mamamayan, may pagkakaisa kahit magkakaiba ang antas sa buhay, at may pag-ibig sa pambansang wika. Binigyan niya ng *highlight* ang sining ng bayan sapagkat nakapagluwal na ito ng mga alagad ng sining—mga “manunulat, mang-aawit, manunugtog; may duplero at makata na sumapit sa tugatog” (*Sa Gulugod* 183). Subalit kamangha-mangha ang pagmamalaki ni Victoria na sa kanilang mga taga-Paombong ay nananalaytay rin ang husay sa pagsulat ni Balagtas:

Malakas na sinasabing tayong mga tagarito,
Ang tahana’y sa Paombong, bayang ating
Paraiso;
May diwa ni Jose Rizal, may tabak ni
Bonifacio,
May panitik ni Balagtas, taal tayong
Bulakenyo. (184)

Inihanay ang talento ni Balagtas na tila ba isang rekisitong kukumpleto sa pormula ng pagiging Bulakenyo— ‘diwa’ para sa talino, ‘tabak’ para sa tapang, at ‘panitik’ para sa kahusayan; isang tahasang pagbabandila sa papel ng makata sa pagbubuo ng pagkakakilanlan ng indibidwal at ang kaniyang tungkulin sa pagbubuo ng bayan at sa mismong identidad ng kaniyang lupang tinubuan.

Sa tula naman ni Ciriaco Francisco, uminog ang paksa sa isa sa mga pinakatanyag na marahil na saknong sa *Florante*, ang Saknong 200-202. Laman ng mga saknong ang paglilimi ni Florante sa kaniyang kabataang namulat sa layaw. Gayunding paglilimi ang makikita sa “Ang Laki sa Layaw” ni Francisco subalit may dagdag na itong paglalapat sa sarili niyang karanasan mula sa kaniyang kabataan at ang koneksiyon ng kaniyang karanasan at ng kay Florante sa mas malawak na mundo. Itinuring pa niyang tila isang gabay/*self-help* na aklat ang *Florante*:

Isang araw ako’y sapupo ng hirap
Ay naisipan kong bumasa ng aklat;
Ang natunghayan ko’y akda ni Balagtas,
May mga talatang ganito ang saad:

“Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad,
Sa bait at muni’t sa aral ay salat.” (14)

Mahihinuha na kabila ng mataas na pagtingin kay Balagtas, lagi’t laging may repleksiyon din ang manunulat sa kaniyang sarili. At malaking bahagi si Balagtas sa pananalaming ito. Sapagkat integral sa paglilimi ng magsasaka-makata ang mga taludtod na hinango mula sa paglilimi rin ni tauhan ng awit. Natagpuan ng manunulat ang sarili sa posisyon ng nagdurusang Florante, na siya rin ay nagdurusang dahil sa kaniyang maling pag-uugali. Kung gayon, si Balagtas at ang kaniyang *Florante at Laura* ay hindi na lamang mga salamin ng pagkabansa at pagkakaisa kundi maging ng pagbubuo ng sarili at paghahanap ng makabuluhang papel ng indibidwal na patungo rin naman sa pagbubuo ng lipunan:

Ito palang tao habang nabubuhay,
Di dapat mahilig sa tuwa at layaw;
Dapat hanapin ang ikabubuhay,
Unatin ang bisig sa gawang mainam;
Sapagkat kung hindi ang kahihinatnan,
Lumuha’t magsisi pagdating ng araw. (15)

Binanggit ni Reyes (172) na ang mga awit at korido ay tila isang alternatibong mundong nilikha ng mga makata na naiiba sa realidad ng ika-19 na siglo sa Pilipinas. Gamit ang daigdig ng mga prinsipeng prinsesa at mga duke’t dukesa, nabuo ang mga fantastikong naratibong sinasabing palihim na tumalakay ang mga isyung hinaharap ng mga Pilipino noon. Ito rin ang naging tuntungan ng mga makata ng *Sa Gulugod*—ang isalaysay ang realidad ng kanilang sariling panahon at ipakita kung paano ito natatali sa dinanas ng naunang makata sa kanila. Mahalagang mabanggit din ang pagiging *self-reflexive* ng mga magsasaka-makata, na sa kabila ng kanilang pagmamalaki sa kahusayan at karunungan ni Balagtas, naroon pa rin ang pagkilala sa mga suliraning ipinakita sa *Florante* na hanggang ngayon ay umiiral pa rin at patuloy na hinahanapan ng lunas.

Gayunman, masasabing iniluklok ng mga makata si Balagtas sa pedestal. Sa mga tulang direktang nagbabanggit sa kaniya, maliwanag ang pagpapahalaga ng mga ito sa mga ‘aral’ na taglay ng kaniyang mga akda at ng mga tauhang kaniyang nilikha. Subalit hindi lamang ito simpleng paghahango ng mga piraso ng karunungan at paglalapat nito sa pang-araw-araw

na buhay. May napakahalagang gampanin ang mga ito sa pagbubuo ng mga makata ng kanilang ideal na mundong nakatuntong sa pagkakaisa at pagmamahal sa kapuwa at sa bayan. Ang mga tula ang nagsisilbing patunay na bahagi ang kahusayan at kabayanihan ni Balagtas sa kanilang pagharaya para sa isang lipunang maunlad at malaya.

Paglalagom

Sa pagpapakilala ni Lumbera sa mga akda ng *Gulugod*, sinabi niyang malimit maisantabi ang mga akda ng mga manunulat na binyagan. Sa kaniyang pakiwari, tinahak ng mga mananaliksik ang parehong landasing nilikha ng mga dayuhang mananaliksik na naghanap sa Pilipinas ng mga ‘*noble savage*’. Mahihinuha ang panghihikayat niya sa mga mananaliksik at sa mga manunulat sa paghahanap ng pagka-Pilipino at pagkakatatutubo sa mga mamamayang sinakop at naimpluwensiyahan ng mga Kastila at Amerikano. Aniya, darating din ang panahon na ituturing din na ‘katutubo’ ang mga tula ng mga magsasakang Kristiyano. Sa paghihimay ng marami sa mga tulang kasama sa koleksiyon at sa paghahanap ng impluwensiya ni Balagtas sa mga akda, nakitang may mataas na pagpapahalaga ang mga manunulat ng *Gulugod* sa estilo at anyong nilikha ni Balagtas. Maliban dito, ang mga aral, mensahe, at personahe ng pamosong awit na *Florante at Laura* ay matatagpuan sa iba’t ibang akda ng mga magsasaka-makata. Pinatutunayan nito na ang isang dayuhang anyo ay inandukha ng mga Pilipino at inangkin na rin kalaunan.

Ang imortalidad ni Balagtas at ng kaniyang mga akda partikular na ang *Florante at Laura* ay hindi lamang bunga ng kanyang husay sa panulaang Tagalog kundi sa matapat na pagdakila sa kaniya ng mga sumunod na manunulat lalo na ng mga kababayan. Higit pa sa kahit anong lalawigan sa Pilipinas, sa Bulacan natamo ng makata ang ‘buhay na walang hanggan’ sa pamamagitan ng mga makatang lumaki sa piling ng bukid, silang mga namulat sa ibabaw ng gulugod ng kalabaw.

SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio S. “Ang Kadakilaan ni Balagtas.” *Florante at Laura*. Quezon City: Adarna House, Inc., 2003. Print.
- . “Ang Pagbabalik ng Masayahing Diwa ng “Paalam na sa Iyo” ni Francisco Balagtas.” *Pag-unawa sa Ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2006. Print.
- . *Mutyang Dilim: Ang Bagong Pormalismong Filipino sa Pagbasa ng Tula*. Marikina City: Talingdao Publishing House, 2001. Print.
- . *Taludtod at Talinghaga: Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 1991. Print.
- Angeles, Epifania G. and Narciso Matienzo. *Ang Panulaang Tagalog: Kasaysayan, Pagsusuri, Paliwanag*. San Juan, Rizal: Limbagang Pilipino, 1971. Print.
- Cruz, Hermenegildo. *Kung Sino ang Kumatha ng “Florante”: Kasaysayan ng Buhay ni Francisco Balagtas at Pag-uulat ng Kaniyang Karunungan’t Kadakilaan*. 2nd ed. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013. Print.
- De los Santos, Epifanio. “Si Balagtas at ang kanyang Florante.” *Himalay: Kalipunan ng mga Pag-aaral kay Balagtas*. Eds. Patricia Melendez-Cruz at Apolonio B. Chua. Maynila: Cultural Center of the Philippines, 1988. Print.
- “Welcome to Bulacan, Philippines.” *Experience Bulacan*. Provincial Information Technology Office, n.d. Web. 31 October 2018. <<https://www.bulacan.gov.ph/generalinfo/>>.
- Lapiz, Eduardo. *Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan 1928-1997*. Lungsod ng Makati: Kaloob, 1998. Print.
- Lumbar, Bienvenido L. “The Consolidation of Tradition.” *Tradition and Influences in the Development of Tagalog Poetry (1570-1898)*. Indiana University, 1969. Print.
- . “The Formalization of Tradition.” *Tagalog Poetry (1570-1898): Tradition and Influences in Its Development*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1986. Print.
- Project Gutenberg. “The Project Gutenberg E-Book of Noli Me Tangere, by Jose Rizal.” *Project Gutenberg*, 30 Disyembre 2006. Web. 1 November 2018 <<http://www.gutenberg.org/files/20228/20228-h/20228-h.htm#XXVI>>.
- Reyes, Soledad S. “The Romance Mode in Philippine Popular Literature.” *Philippine Studies* 32.2, (1984): 163-180. Print.
- Ricarte, Pedro L. “Alejandro G. Abadilla.” *Philippine Studies* 18.2 (1970): 323-349. Print.
- Rizal, Jose P. “Ang Sining ng Tugma at Sukat sa Tagalog.” *Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 1996. Print.

- Santos, Lope K. *Ang Apat na Himagsik ni Francisco Balagtas at Iba pang mga Sanaysay*. Eds. Virgilio S. Almario at Rolando T. Glory. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2016. Print
- . "Mga Katangian ng Tulang Tagalog." *Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*. Ed. Virgilio S. Almario. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 1996. Print.
- Veneracion, Jaime B. *Kasaysayan ng Bulakan*. Cologne: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1986. Print.